# *Ang Pagkatakot sa Dios Yugto 22*
# *Awit 25-Ang mga Katangian at ang mga Pribilehiyo ng mga Nangngatatakot sa Dios*

***"1 Sa iyo, Oh PANGINOON, iginagawad ko ang aking kaluluwa. 2 Oh Dios ko sa iyo'y tumiwala ako, huwag nawa akong mapahiya; huwag nawang magtagumpay sa akin ang aking mga kaaway. 3 Oo, walang naghihintay sa iyo na mapapahiya; sila'y mangapapahiya na nagsisigawa ng karayaan ng walang kadahilanan, 4 Ituro mo sa akin ang iyong mga daan, Oh PANGINOON; ituro mo sa akin ang iyong mga landas. 5 Patnubayan mo ako sa iyong katotohanan, at ituro mo sa akin; sapagka't ikaw ay Dios ng aking kaligtasan; sa iyo'y naghihintay ako buong araw. 6 Iyong alalahanin, Oh Panginoon, ang iyong malumanay na mga kaawaan, at ang iyong mga kagandahang-loob; sapagka't magpakailan man mula ng una. 7 Huwag mong alalahanin ang mga kasalanan ng aking kabataan, ni ang aking mga pagsalangsang: ayon sa iyong kagandahang-loob ay alalahanin mo ako, dahil sa iyong kabutihan, Oh Panginoon. 8 Mabuti at matuwid ang Panginoon: kaya't tuturuan niya ang mga makasalanan sa daan. 9 Ang maamo ay papatnubayan niya sa kahatulan: at ituturo niya sa maamo ang daan niya. 10 Lahat na landas ng Panginoon ay kagandahang-loob at katotohanan sa mga gayon na nangagiingat ng kaniyang tipan at kaniyang mga patotoo. 11 Dahil sa iyong pangalan, Oh Panginoon, iyong ipatawad ang aking kasamaan, sapagka't malaki. 12 Anong tao siya na natatakot sa Panginoon? Siya ang tuturuan niya ng daan na kaniyang pipiliin. 13 Ang kaniyang kaluluwa ay tatahan sa kaginhawahan; at mamanahin ng kaniyang binhi ang lupain. 14 Ang pakikipagibigan ng Panginoon ay nasa nangatatakot sa kaniya; at ipakikilala niya sa kanila ang kaniyang tipan. 15 Ang aking mga mata ay palaging na sa Panginoon; sapagka't huhugutin niya ang aking mga paa sa silo. 16 Panumbalikan mo ako, at maawa ka sa akin; sapagka't ako'y nag-iisa at nagdadalamhati. 17 Ang kabagabagan ng aking puso ay lumaki: Oh hanguin mo ako sa aking kapanglawan. 18 Gunitain mo ang aking pagkapighati at aking damdam; at ipatawad mo ang lahat kong mga kasalanan. 19 Masdan mo ang aking mga kaaway, sapagka't sila'y marami; at pinagtataniman nila ako ng mabagsik na pagkagalit. 20 Oh ingatan mo ang aking kaluluwa, at iyong iligtas ako: huwag nawa akong mapahiya, sapagka't nanganganlong ako sa iyo. 21 Magingat sa akin ang pagtatapat at katuwiran, sapagka't hinihintay kita. 22 Tubusin mo ang Israel, Oh Dios, mula sa lahat na kaniyang kabagabagan." (Awit 25:1-22 KJV)***

Mula sa ***Awit 25*** ibabalangkas natin ang mga katangian ng mga taong may takot sa Dios at ang mga pribilehiyong natatanggap nila mula sa Kanya. Magsisimula kami sa kanilang mga katangian at gaya ng mga sumusunod:

***1. Yaong mga nangangatakot sa Dios sila'y may mga kaguluhan:*** Ang mga kaguluhan ay maaring dahil sa kasakitan, karamdaman, mga pagsubok, kaaway, kasalanan, pagnanasang hindi natupad, kawalan ng pagasa, o pag uusig. Dahil sa lahat ng mga kapighatiang ito humiyaw si David sa Dios at sinabi, ***"1 Sa iyo, Oh PANGINOON, iginagawad ko ang aking kaluluwa." (Awit 25:1)*** Ipinahintulot ng Dios ang hirap sa buhay ng mga may takot sa Dios upang ang kanilang pananampalataya ay masubukan at mapatunayang malinis. Kaya kung ngayon ay dumadaan ka sa isang mahirap na pagsubok kung gayon ipinapahintulot iyon ng Dios upang subukin ang iyong pananampalataya, at kailangan mong manindigang matatag, sapagkat ang Dios ay sumasa iyo habang determinado kang manindigan kasama ang Dios para sa katotohanan.

***2. Yaong mga nangangatakot sa Dios sila'y nagtitiwala sa Dios:*** Sa talata 2 mababas natin, ***"Oh Dios ko sa iyo'y tumiwala ako, huwag nawa akong mapahiya; huwag nawang magtagumpay sa akin ang aking mga kaaway." (Awit 25:2 KJV)*** Ang mga natatakot sa Dios sila'y nagtitiwala sa Dios at ipinapakita nila ang kanilang pagtitiwala sa pamamagitan ng pagsunod sa Salita ng Dios at utos, at hindi Niya ipapahintulot sila na mapahiya. Kaya ipakita ang iyong pagtitiwala sa Dios sa pagsunod sa Kanyang Salita at mga utos, at hindi Niya hahayaang mapahiya ka.

***3. Yaong mga natatakot sa Dios sila'y mayrong mga kaaway:*** Sinabi ni David sa Dios sa talata 2. ***"huwag nawang magtagumpay sa akin ang aking mga kaaway."*** Ang mga natatakot sa Dios sila'y may mga kaaway; hindi isang kaaway kundi mga kaaway. Kapag sinimulan mong matakot sa Dios, magiging matapang kang putulin ang mga kaugnayan at lumayo mula sa mga taong gumagawa ng masama. Ang gayong mga tao na sumasalungat sa iyong paninindigan, kalauna'y sila'y iyong magiging kaaway. Kaya bilang natatakot ka sa Dios at naninindigang kasama Niya, kung gayon asahan ang ilang mga tao ay magiging iyong kaaway, ngunit hindi ipapahintulot ng Dios na managumpay sila sa iyo.

***4. Yaong mga natatakot sa Dios sila'y maghihintay sa Dios:*** Sinabi ni David sa Dios sa talata 3, ***"Oo, walang naghihintay sa iyo na mapapahiya;"*** Walang sinumang umaasa sa Dios ang kailanma'y mapapahiya. Yaong mga natatakot sa Dios sila'y nagtitiis at matiyaga at naghihintay sila sa Dios dahil mayroon silang buong tiwala sa Dios, na hindi Niya sila ilalagay sa kahihiyan. Samakatuwid habang inilalagay mo ang iyong pag asa at

pananampalataya sa Dios, sa gayon ay bibigyan ka Niya ng pagtitiis at pagtitiyaga na maghintay sa Kanya at hindi Niya kailanman hahayaan na ikaw ay mapahiya.

***5. Yaong mga natatakot sa Dios may pagpapahalaga sila sa simbahan: "Oo, walang naghihintay sa iyo na mapapahiya;"*** Sinabi ni David. ***"walang"***, dahil batid niya na may mga taong maliban sa kanya sila'y natatakot sa Dios; ang mga banal, na bumuo ng simbahan at lumakad sa mga landas ng Dios at nagtitiwala sa Kanya; ang mga hindi nila ipapahiya kapag nagtitiwala sila sa Dios. Samakatuwid kapag tayo ay natatakot sa Dios at nagtitiwala sa Kanya, kung gayon ay kinikilala natin at alam natin nang tiyak na may ibang tao na natatakot sa Dios na katulad natin at sila ay bahagi ng Kanyang simbahan.

***6. Yaong mga natatakot sa Dios natitiyak nila na ang mga gumagawa ng masama ay mapapahiya:*** Nanalangin si David sa Dios sa talata ng sumusunod: ***"Sila'y mangapapahiya na nagsisigawa ng karayaan ng walang kadahilanan,"*** Y Yaong mga natatakot sa Dios ay natitiyak nila na ang masasamang gumagawa ay hindi sila papayagan ng Dios na magtagumpay; sa madaling panahon ay makikitungo Siya nang angkop sa kanila; sapagkat kahihiyan ang darating sa mga taong mapanlinlang nang walang dahilan. Samakatwid kapag patuloy kang natatakot sa Dios kung gayon ay magtiwala sa Kanya na haharapin Niya ang iyong mga kaaway at sa mga sumasalungat sa katotohanan; sapagkat sila ang mga kaaway ng Dios at nagtaksil sa Dios at tiyak na sa huli'y ilalagay Niya sila sa kahihiyan.

***7. Yaong mga natatakot sa Dios hinihiling nila sa Dios na ipakita sa kanila at ituro sa kanila ang katotohanan:*** Nanalangin si David sa Dios sa talata 4, ***"4 Ituro mo sa akin ang iyong mga daan, Oh Panginoon; ituro mo sa akin ang iyong mga landas." (Awit 25:4 KJV)*** Yaong natatakot sa Dios ay madaling turuan at madaling turuan sila ng Dios. Kaya bilang pinakumbaba mo ang iyong sarili sa makapangyarihang kamay ng Dios at simulang matakot sa Kanya, sa gayon ituturo at gagabayan ka Niya sa daan na kailangan mong puntahan at sa landas na kaialangan mong tahakin.

***8. Yaong mga natatakot sa Dios kaugnay sa kanila ang kaligtasan: "5 Patnubayan mo ako sa iyong katotohanan, at ituro mo sa akin; sapagka't ikaw ay Dios ng aking kaligtasan; sa iyo'y naghihintay ako buong araw." (Awit 25:5 KJV)*** Alam nila na kailangan nilang ipamuhay ang katotohanan upang mapanatili ang kaligtasan na iniaalok ni Jesus sa atin. Samakatuwid habang ikaw ay namumuhay ayon sa katotohanan ng Salita ng Dios kung gayon ikaw ay sigurado sa iyong kaligtasan at sa mansyon na inihanda ng Dios para sa iyo sa Langit.

***9. Yaong mga natatakot sa Dios ang paraan ng kanilang pamumuhay ay maghintay sa Dios:*** Sinabi ni David sa Dios sa talata 5, ***"sa iyo'y naghihintay ako buong araw."*** Yaong natatakot sa Dios ay hindi napapagal maghintay habang naghihintay sila sa Panginoon; ang kanilang pag asa ay nasa Kanya sa buong araw. Samakatuwid habang inilalagay mo ang iyong pag asa at pananampalataya sa Dios pagkatapos ay maaari kang maghintay sa Dios hanggang sa maisakatuparan Niya ang ipinangako Niya sa iyo.

***10. Yaong mga natatakot sa Dios sila ay nabubuhay sa pag ibig at awa ng Dios:*** Sinabi ni David sa Dios sa talata 6 ***"6 Iyong alalahanin, Oh PANGINOON, ang iyong malumanay na mga kaawaan, at ang iyong mga kagandahang-loob; sapagka't magpakailan man mula ng una." (Awit 25:6 KJV)*** Si David dito ay nagsusumamo sa Dios na maawa sa kanya; habang hinihiling niya sa Dios na alalahanin kung paano Siya naging maawain sa kanya at mapagmahal sa kanya. Si David sa gayon ay muling nagsusumamo sa Dios sa kanyang layunin, at nagpapakita ng katapatan sa pagkilala sa Dios na Siya ay maawain at mapagmahal kay David. Samakatuwid habang natatakot ka sa Dios kung gayon ay ipapakita mo ang iyong katapatan sa Kanya habang kinikilala mo ang lahat ng mga awa at pagmamahal na ipinakita sa iyo ng Dios at sa gayon ay makikiusap ka sa Dios na hayaan na iyon ay magpatuloy na dumaloy sa iyo sa iyong buhay.

***11. Yaong mga natatakot sa Dios ay mapagtanto ang mga hinaing ng kanilang mga kasalanan at magsisisi sa mga ito:*** Sinabi ni David sa Dios sa talata 7, ***"7 Huwag mong alalahanin ang mga kasalanan ng aking kabataan, ni ang aking mga pagsalangsang: ayon sa iyong kagandahang-loob ay alalahanin mo ako, dahil sa iyong kabutihan, Oh PANGINOON." (Awit 25:7 KJV)*** Yaong taong may takot sa Dios ay hindi nila inilalagay ang sisi sa Dios o sa ibang tao dahil napagtanto nila ang mga hinaing at ang masamang epekto ng kanilang mga kasalanan. Ipinapakita iyon ng kanilang pagsisisi at pagtalikod mula sa kanilang makasalanang buhay pabalik sa Dios; kaya naman tiwala silang hilingin sa Dios na patawarin sila sa mga naunang nilang kasalanan na pinagsisihan nila at nagtitiwala sa awa at kabutihan ng Dios na patatawarin Niya sila. Samakatuwid kapag nagsimula kayong matakot sa Dios kung gayon ay mapagtanto mo ang masasamang epekto ng iyong mga naunang kasalanan; magsisisi ka sa mga ito, at magsisimulang humingi ng tawad sa Dios at ipaabot ang Kanyang awa at kabutihan sa iyo.

***12. Yaong mga natatakot sa Diyos, para sa kanila ang Dios ay walang kamalian:*** sinabi ni David sa Dios sa talata 8, ***"8 Mabuti at matuwid ang Panginoon: kaya't tuturuan niya ang mga makasalanan sa daan." (Awit***

***25:8 KJV)*** Yaong mga natatakot sa Dios sinasabi nila, *'Kami ang may kasalanan.'* Sa ganitong paraan ay gagamitin nila ang mga pribilehiyo; na ituturo ng Dios sa kanila ang Kanyang mga daan. Ngunit yaong mga taong mapagmataas sa sarili at walang takot sa Dios, hindi nila kikilalanin ang kanilang mga pagkakamali o kasalanan, at sa gayon ang Dios ay hindi ituturo sa kanila at hindi magtuturo sa kanila ng daan na kailangan nilang tahakin sa kanilang buhay. Gayundin sa mga sarili ay hindi nila tinatanggap. Samakatuwid, magpakumbaba at magsimulang matakot sa Dios, magsisi sa iyong mga kasalanan at aminin ang iyong mga pagkakamali at lahat ng iyong maling gawain, tanggapin na ang Dios ay matuwid at tanggapin mula sa Kanya na turuan ka, sa gayon makikita mo na ang Dios ay pumapatnubay sa iyo at gumagabay sa iyo sa daan na kailangan mong tahakin.

***13. Yaong mga natatakot sa Dios ay maamo: "9 Ang maamo ay papatnubayan niya sa kahatulan: at ituturo niya sa maamo ang daan niya." (Awit 25:9 KJV)*** Kailangan ang kaamuan para matanggap ang turo at makatanggap ng patnubay. Ang maamo gaya ng ipinaliliwanag natin ang Dios ang gagabayan sa kanila na gumawa ng tamang desisyon sa likong daan ng kanilang buhay; kaya palagi silang pagpapalain sa pagtahak sa tamang daan. Samakatuwid habang nagpapakumbaba ka at nagsisimulang matakot sa Dios makikita mo ang iyong sarili na sunud sunod na gumagawa ng mga tamang desisyon na kailangan mong gawin sa iyong buhay.

***14. Yaong mga natatakot sa Dios nakikita nila ang lahat ng mga daan ng Dios ay awa at katotohanan sa mga tumutupad sa Kanyang tipan: "10 Lahat na landas ng PANGINOON ay kagandahang-loob at katotohanan sa mga gayon na nangagiingat ng kaniyang tipan at kaniyang mga patotoo." (Awit 25:10 KJV)*** Sa lahat ng mga pagsubok at mahihirap na pangyayari yaong mga natatakot sa Dios nakikita nila ito bilang awa ng Dios; tiyak nila iyon at sasabihin nila, ***"28 At nalalaman natin na ang lahat ng mga bagay ay nagkakalakip na gumagawa sa ikabubuti ng mga nagsisiibig sa Dios, sa makatuwid baga'y niyaong mga tinawag alinsunod sa kaniyang nasa." (Roma 8:28 KJV) "9 Datapuwa't gaya ng nasusulat, Ang mga bagay na hindi nakita ng mata, at ni narinig ng tainga, Ni hindi pumasok sa puso ng tao, Anomang mga bagay na inihanda ng Dios sa kanila na nangagsisiibig sa kaniya." (1 Corinto 2:9 KJV)*** Ang mga taong natatakot sa Dios ay nakatitiyak sila kahit na ang mga hindi magandang pangyayari ay gagawin para sa kanilang ikabubuti dahil hangga't pinapanatili nila ang kanilang tipan sa Dios, makikita nila Siya roon para sa kanila, tutulungan sila at ibaling ang lahat ng mga pangyayari at kaganapang iyon para sa kanilang mga kapakinabangan at kabutihan. Samakatuwid kapag natatakot ka sa Dios at tapat na tumutupad sa Kanyang tipan at kung ano ang hinihingi sa iyo ng tipang iyon, at patuloy na nagpapatotoo tungkol sa kabutihan ng Dios kung gayon makikita mo ang Dios na kumikilos sa iyo at tumutulong sa iyo, na pinapaikot kahit ang mga hindi kanais nais na mga pangyayari para sa iyong sariling mga benepisyo at kabutihan.

***15. Yaong mga natatakot sa Dios nakikita nila ang kanilang mga kasalanan ay malaki at nagsusumamo na patawarin sila ng Dios alang alang sa KANYANG pangalan: "11 Dahil sa iyong pangalan, Oh PANGINOON, iyong ipatawad ang aking kasamaan, sapagka't malaki." (Awit 25:11 KJV)*** Sa kabaligtaran nila, ang mga taong walang takot sa Dios hindi nila alam ang mga hinaing ng kanilang mga kasalanan at hindi sila maingat na humingi ng tawad sa Dios. Samakatuwid habang natatakot ka sa Dios at nagsisimulang humingi ng tawad sa Dios sa iyong mga kasalanan, kung gayon magkakaroon ka ng malinaw na konsensya sa harap ng Dios at magkakaroon ka ng katiyakan ng kaligtasan mula sa Kanya.

***16. Yaong mga natatakot sa Dios ay makikilala mo sila habang pinagmamasdan mo sila na gumagawa ng tamang pagpili sa buhay, na itinuro sa kanila ng Dios: "12 Anong tao siya na natatakot sa PANGINOON? Siya ang tuturuan niya ng daan na kaniyang pipiliin." (Awit 25:12 KJV)*** Patungkol sa pananampalataya may dalawang uri ng tao; yaong mga may takot sa Dios at yaong mga walang takot sa Dios. Pareho silang mananampalataya, ngunit ang mga taong may takot sa Dios ay kusang sumusunod sila sa Dios at tinatanggap nila ang mga desisyon ng Dios. Ngunit ang mga walang takot sa Diyos ay nagkakamali sila ng mga desisyon at itinutuwid nila ang kanilang sarili at sinusunod lamang ang Dios kapag napipilitan nilang gawin ang tama at makatarungan. Samakatuwid, matutong matakot sa Dios at maging handang magpakumbaba at kusang sumunod sa Dios at hindi sa pamamagitan ng sapilitan, kaya maiiwasan mo ang mga problema at paghihirap sa iyong buhay.

Ngayon mula sa nalalabing mga talata sa ***Awit 25:13-22,*** magkakaroon tayo ng paghahambing sa pagitan ng mga taong natatakot sa Dios at ng mga taong hindi natatakot sa Kanya na nauukol sa mga pribilehiyong natatanggap nila mula sa Dios. Ang gayong paghahambing ay makatutulong sa iyo na matanto ang kahalagahan ng takot sa Dios at tutulong sa iyo na magpakumbaba at akayin ka sa pagsisisi.

***"13 Ang kaniyang kaluluwa ay tatahan sa kaginhawahan; at mamanahin ng kaniyang binhi ang lupain." (Awit 25:13 KJV)*** Yaong mga natatakot sa Dios, ang kanilang mga kaluluwa ay nananahan sa kapayapaan at kasaganaan, at ang kanilang mga inapo at disipulo ay matatatag sa lupain. Ngunit yaong mga hindi natatakot sa Dios, ang kanilang mga kaluluwa ay nananahan sa mga kaguluhan at kakulangan, at ang kanilang mga inapo at

mga disipulo ay ihihiwalay sa lupain. Samakatuwid, magsisi kaagad, binabalaan ko kayo, na ang buhay ay magiging napakahirap kung hindi ka matatakot sa Dios.

***"14 Ang pakikipagibigan ng Panginoon ay nasa nangatatakot sa kaniya; at ipakikilala niya sa kanila ang kaniyang tipan." (Awit 25:14 KJV)*** Ang mga may takot sa Dios, mayroon silang lihim ng Dios. Ipinapakita Niya sa kanila ang Kanyang tipan. May mahabang katiyakan sila, hanggang sa susunod na henerasyon. Samantalang ang mga walang takot sa Dios, wala silang lihim ng Dios. Hindi nila nakikita ang Kanyang tipan at walang katiyakan tungkol sa hinaharap. Samakatuwid, magsisi at magsimulang matakot sa Dios, kung hindi man ang iyong buhay ay magiging napakalito at hindi mo magagawang makita ang hinaharap nang malinaw.

***"15 Ang aking mga mata ay palaging na sa Panginoon; sapagka't huhugutin niya ang aking mga paa sa silo." (Awit 25:15 KJV)*** Yaong mga natatakot sa Dios, ang kanilang mga paningin ay nakatuon sa Dios; kaya ang kanilang mga paa ay palalayain Niya mula sa patibong. Ngunit yaong mga walang takot sa Dios, ang kanilang mga mata ay naguguluham. Ang kanilang mga paa ay patuloy na natitisod at hindi nila malinaw na nakikita ang daan upang makalabas mula sa mga problema. Samakatuwid, magsisi at magsimulang matakot sa Dios, upang makita mo nang malinaw ang daan palabas mula sa iyong mga problema.

***"16 Panumbalikan mo ako, at maawa ka sa akin; sapagka't ako'y nag-iisa at nagdadalamhati." (Awit 25:16 KJV)*** Ang mga may takot sa Dios, sila ang tumatanggap ng biyaya ng Dios. Kahit na sila ay walang tirahan o naghihirap ay tiwala sila na sila'y nasa kalooban ng Dios. Ngunit yaong mga walang takot sa Dios, hindi nila matatamasa ang biyaya ng Dios, at wala silang tiwala na sila ay nasa kalooban ng Dios. Samakatuwid, magsisi at magsimulang matakot sa Dios, kaya magkakaroon ka ng tiwala at katiyakan na hindi ka nag iisa, ngunit Siya ay kasama mo at ginagabayan ka sa Kanyang kalooban.

***"17 Ang kabagabagan ng aking puso ay lumaki: Oh hanguin mo ako sa aking kapanglawan." (Awit 25:18 KJV)*** Yaong mga taong may takot sa Dios, ang mga problema sa paligid nila ay lumalaki ngunit sila ay maginhawa at sila ay lumalabas mula sa mga paghihirap. Ngunit ang mga walang takot sa Dios, hindi sila naginahawaan sa mga problema at hindi makalalabas mula sa mga paghihirap. Samakatuwid, magsisi ka at magsimulang matakot sa Dios upang sa lalong madaling panahon ay gumaan ka at makalabas mula sa mga paghihirap.

***"18 Gunitain mo ang aking pagkapighati at aking damdam; at ipatawad mo ang lahat kong mga kasalanan." (Awit 25:18 KJV)*** Yaong mga natatakot sa Dios, mayroon silang katiyakan na tinitingnan sila ng Dios, kahit na ang mga pangyayari ay hindi kanais-nais, at mayroon silang katiyakan ng pagpapatawad ng Dios. Ngunit yaong mga walang takot sa Dios, wala silang katiyakan na tinitingnan sila ng Dios, at wala silang katiyakan ng kapatawaran at kaligtasan ng Diyos. Samakatuwid, magsisi at makipagpayapaan sa Dios at matatanggap mo mula sa Kanya ang katiyakan ng kapatawaran at katiyakan ng kaligtasan.

***"19 Masdan mo ang aking mga kaaway, sapagka't sila'y marami; at pinagtataniman nila ako ng mabagsik na pagkagalit." (Awit 25:19 KJV)*** Yaong mga natatakot sa Dios, hindi sila nabibigatan sa kanilang maraming kaaway maging sa mga taong may pagkamuhi sa kanila, dahil alam nila na ang Dios ay kasama nila. Ngunit yaong mga hindi natatakot sa Dios, sila ay nabibigatan sa kanilang maraming mga kaaway, at sila ay natatakot sa mga taong may pagkamuhi laban sa kanila. Samakatuwid, magsisi at magsimulang matakot sa Dios at palalayain ka Niya mula sa lahat ng iyong mga takot.

***"20 Oh ingatan mo ang aking kaluluwa, at iyong iligtas ako: huwag nawa akong mapahiya, sapagka't nanganganlong ako sa iyo." (Awit 25:20 KJV)*** Ang mga natatakot sa Dios, may katiyakan sila na ililigtas sila ng Dios at hindi sila ipapahiya. Ngunit ang mga walang takot sa Dios, wala silang ganoong katiyakan at laging nag aalinlangan kung ililigtas sila ng Dios, o kung hindi Niya hahayaan silang malagay sa kahihiyan. Samakatuwid, magsisi ka at magsimulang matakot sa Dios at magkakaroon ka ng tiwala at katiyakan na hindi ka ilalagay ng Dios sa kahihiyan.

***"21 Magingat sa akin ang pagtatapat at katuwiran, sapagka't hinihintay kita." (Awit 25:21 KJV)*** Yaong mga may takot sa Dios, may tiwala sila sa kanilang dangal at kabutihan sa harap ng Dios na ipinakita sa pamamagitan ng kanilang kahandaang maghintay sa Dios. Ngunit ang mga walang takot sa Diyos, hindi sila tiwala sa kanilang dangal at pagiging matuwid sa harap ng Dios dahil lagi nilang ginagawa ang kanilang pansarili. Sila ay laging natatakot at madaling matakot ng diablo. Samakatuwid, magsisi, huwag gawin ang iyong pansarili, at simulang matakot sa Dios at ang iyong dangal at kabutihan ay magbabantay sa iyo tulad ng ipinangako ng Dios sa Kanyang Salita.

***"22 Tubusin mo ang Israel, Oh Dios, mula sa lahat na kaniyang kabagabagan." (Awit 25:22 KJV)*** Yaong mga natatakot sa Dios, sila ay may pagpapahalaga sa simbahan; na ang ibang mabubuting tao ay dumadaan sa parehong pagdurusa at pagsubok na katulad nila. Pero yaong mga walang takot sa Dios, wala silang ganoong

pakiramdam. Sa kabaligtaran iniisip nila na sila lang ang mga taong nagdurusa. Samakatuwid, magsisi ka at magsimulang matakot sa Dios at ikaw ay mapapanatag na ang Dios ay kasama mo at maraming mga kapatid na dumadaan sa mga katulad na pagsubok na iyong pinagdadaanan at sila ay napangalagaan at nailigtas mula sa kanilang mga problema sa tulong ng Dios.

***Sa aking mahal at minamahal:*** Patuloy na pagnilayan ang mensaheng natatanggap mo ngayon at magsimulang mag isip nang matalino at tingnan kung gaano kalaki ang mga pribilehiyo ng mas magandang buhay kapag namumuhay ka sa pagtakot sa Dios. Ngayon, ay ang panahon para matuklasan mo ang iyong sarili at kung sino ka? Pag-aralan ang mga katangian ng mga taong natatakot sa Dios at unawain ang iyong sarili; isuko ang iyong buhay sa Kanya, at pahintulutan ang Dios na linangin ang mga katangian na iyon sa mga taong natatakot sa Dios at paramihin ang mga ito sa iyong buhay.

Nasa inyong kamay at pananagutan na tumugon sa mensahe; magpakumbaba, magsisi sa lahat ng iyong mga kasalanan, alisin ang iyong kapalaluan at baguhin ang iyong mga gawain at simulan ang tunay na takot sa Dios at sa Kanyang Salita, at ipakita ang tunay na mga pagbabago sa iyong personalidad, upang ang lahat ng mga katangian at pribilehiyo na ating pinag aralan sa mensaheng ito tungkol sa mga taong natatakot sa Dios ay magkakatotoo sa iyong buhay.

Manalangin tayo ... .

***Ang aking Panalangin:*** *Amang Dios Ako ay lumalapit sa iyo sa pangalan ni Jesus, na namatay sa krus para sa aking mga kasalanan upang bigyan ako ng walang hanggang buhay. Panginoon salamat para sa iyong Salita na ipinakita mong malinaw sa akin ang iyong mga daan at iyong kalooban, na kailangan kong matakot sa iyo at lumakad sa iyong mga landas. Panginoon salamat para sa lahat ng pagsaway at sa pagtutuwid na Tinanggap ko sa mensaheng ito.*

*Lumapit ngayon sa Dios at simulang magsisi at talikdan ang iyong mga kasalanan. Talikdan ang iyong pagmamalaki at pagmamataas; ang iyong kawalan ng kababaang loob. Talikdan ang iyong pagngangalit at akusahan ang Dios at ang iba para sa iyong mga problema. Magsisi sa paggawa ng sariling kalooban at plano. Magsisi sa iyong kasakiman, kamunduhan, pagmamahal sa pera at materyal na bagay. Magsisi ka sa pagsisinungaling, sa iyong galit, away mo sa iba, katamaran mo, pag aaksaya ng oras mo sa mga kaibigan, laro, balita at Media. Talikuran ang iyong mga imoralidad, ang iyong pag aaksaya ng pera at iba pang mga mapagkukunan. Magsisi sa iyong katiwalian, mga kompromiso, paglabag sa mga patakaran ng pamahalaan, at mga manipulasyon. Magsisi sa iyong hindi pagpayag na maglingkod sa Dios at lubos na isuko ang iyong kalooban sa Kanya.*

*Panginoon patawarin mo ako. Nagsisisi ako sa mga sumusunod na kasalanan ________________________.*

*Panginoon ipinagkakaloob ko ang aking buhay sa mga alituntunin ng mensaheng ito. Ipinangangako ko ang aking sarili na gawin ang narinig ko at kung ano ang ipinaliwanag nang maayos sa akin. Panginoon patawarin mo ako ng aking mga kasamaan alang alang sa iyong pangalan at itaas mo ako ng iyong biyaya at awa upang maibigay ang lahat ng aking mga pangangailangan upang patuloy na maglingkod sa iyo at mabuhay sa pagkatakot sa iyo. Panginoon Ipinagkakatiwala ko ang aking sarili na paglingkuran ka at mamuhay sa pagsunod sa iyong kalooban at plano para sa akin. Salamat at papuri sa iyo. Ito ang aking panalangin sa pangalan ni Jesus, Amen.*

*Panginoon, salamat sa aking mga Kapatid na nagsisi at nagtalaga ng kanilang buhay upang mamuhay sa pagkatakot sa iyo at sa mga alituntuning natutunan namin ngayon mula sa iyong Salita. Panginoon salamat sa kahandaan nilang maglingkod sa iyo. Panginoon linisin mo sila mula sa kanilang mga kasalanan, at tulungan silang magparami ng mas maraming bunga ng Banal na Espiritu; pag ibig, kagalakan, kapayapaan, kahinahunan, kabaitan, pananampalataya, pagtitiis, mahabang pagtitiis at pagpipigil sa sarili, na makikita ng mga tao si Jesus sa pamamagitan ng kanilang buhay. Panginoon lubos mo silang panumbalikin sa iyo at gamitin sila upang maglingkod sa iyo at itatag ang iyong simbahan.*

*Panginoon protektahan mo sila at patuloy na maglaan para sa kanila para patuloy silang maglingkod sa iyo.*

*Panginoon pagpalain mo kami bilang iyong simbahan, at itaguyod kami ng iyong biyaya, at tulungan kaming patuloy na manindigan nang matatag upang ituro ang iyong Salita at ipahayag ang iyong kalooban nang lubusan. Panginoon ipinagkakatiwala namin ang aming sarili na mamuhay sa pagkatakot sa iyo at manatili sa mga plano na mayroon ka para sa amin. Panginoon puspusin kaming muli ng Banal na Espiritu at bigyan kami ng mga Espirituwal na kaloob na kailangan namin upang paglingkuran ka. Panginoon patnubayan kami sa pamamagitan ng Banal na Espiritu upang mag ebanghelyo at gumawa ng mga bagong disipulo at sanayin ang mga bagong manggagawa na yumaon at magtanim ng mga bagong pag aaral sa Bibliya at mga kapisanan para*

*sa simbahan. Panginoon tuparin ang pananaw ng simbahan, 'Pagpaparami sa kapayapaan sa pagpapatupad ng buong kalooban ng Dios.' Panginoon pagpalain kami, palakihin ang aming lupain, sumaamin nawaa ng iyong kamay at ilayo kami sa kapahamakan upang hindi namin madama ang sakit.. Nawa'y ang biyaya ng Panginoong Jesus at ang pag ibig ng Dios at ang pakikipagpisan ng Banal na Espiritu ay sumaating lahat sa pangalan ni Jesus, Amen.*

Ang Pagkatakot sa Dios Yugto 22. Mga Awit 25 – Ang mga Katangian at Ang mga pribelehiyo ng mga nangangatakot sa Dios. Awit 25:1-22, Roma 28:8, 1 Corinto 2:9.

Dr. Ramiz Khalaf
Ang Tagapamahala ng Simbahan
Simbahan ng Diyos
United Arab Emirates
Email: thebread1@gmail.com
Mobile Tel.#: 00971551902647

Tandaan: Ang Tinapay ng buhay ay lingguhang paghahayag mula sa Simbahan ng Diyos, United Arab Emirates. Sa karagadagang usapin at higit sa espiritual na pagpapalago maari mo kami bisitahin sa aming website sa: www.churchofgoduae.com

Ibahagi mo ito sa iyong mga kaibigan.

Nakikiusap ako na ibahagi mo sa amin ang iyong saloobin tungkol sa mensahe at

kung mayroon kang katanungan.

Kung mayroon kang kahilingan na panalagin, maari mong ipadala sa numero ng whatsapp: 00971551902647, o sa email na ito: thebread1@gmail.com.

Pakipadala ng iyong ikasapung bahagi, iyong unang bunga at iba ibang handog sa simbahan sa account na ito:

Pangalan ng Banko:
First Abu Dhabi Bank (FAB)
ACCOUNT NAME:
RAMIZ BAHNAM ABBO KHALAF
ACCOUNT NO:
1576003753162014
IBAN:
AE380315157600375316 2014
SWIFT CODE:
NBADAEAACPU

O tawagan ako sa whatsapp numerong ito: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com

Kung kailangan mo ng payo sa bahagi ng iyong buhay, kung ito'y tungkol sa pamilya, mga anak at pinansyal, malaya kayo makipagugnayan sa akin sa whatsapp na numerous: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com